



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Nobyembre 18, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

Website ng Flex Your Commute, inilunsad para makatulong sa pagpapalano sa pag-commute at pagbalik sa trabaho

SAN FRANCISCO – Inilunsad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang bagong website ng *Flex Your Commute* para tulungan ang mga kumpanya at ang publiko na pag-isipan muli ang pagmamaneho nang mag-isa papunta sa trabaho habang nagsisimula na ang pagpapalano sa pagbalik sa lugar ng trabaho.

Ang Flex Your Commute ay isang programa na humihikayat sa mga employer na makipagtulungan sa kanilang mga empleyado para tulungan silang mabawi ang mga benepisyo ng kanilang oras na nauubos sa pag-commute sa pamamagitan ng pagpili ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa papunta sa trabaho.

“Sa halos 2 taong panahon, natutunan natin ang lahat para makapagtrabaho nang produktibo habang binabawi ang nawalang oras habang naiipit ka nang mag-isa sa trapiko,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Mas handa ang mga empleyado na makinig sa mga mensahe mula sa kanilang mga employer na naghihikayat sa kanila sa mga alternatibo sa pag-commute para tulungan silang mabawi ang kanilang mga oras sa pamamagitan ng pagpili ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa papunta sa trabaho.”

Nagbibigay ang website ng *Flex Your Commute* ng mga resource para sa mga employer para tulungan silang makabuo ng programa sa pag-commute para sa kanilang mga empleyado. Puwedeng mag-access ang mga employer ng gabay sa pagpapatupad ng programa sa pag-commute, modelo sa kasunduan sa teleworking, mga template ng survey para sa pagsusuri ng kultura sa pag-commute ng kumpanya, at mga quick link sa mga nauugnay na impormasyon sa 511.org, at iba pang lokal na organisasyon.

Layunin ng *Flex Your Commute* na gumawa ng innovation sa pag-commute sa pamamagitan ng pagbawa ng stress at pagtulong sa mga kumpanya sa Bay Area na mapanatili ang kanilang mahuhusay na empleyado. Maraming oras ang nasasayang ng mga commuter sa pagmamaneho nang mag-isa papunta sa trabaho. Ang pagmamaneho nang mag-isa ay mas magastos para sa mga empleyado, nakakabawas sa pagiging produktibo, at nagdudulot ng mas malaking kawalan dahil sa mga sick day sa pamamagitan ng pagbawas sa kabuuang kalusugan ng empleyado. Ang paghikayat sa mga sustainable na kasanayan sa pag-commute ay nakakatulong sa mga employer na mapanatili ang mahuhusay nilang empleyado at nagbibigay-daan sa kanila na magbigay ng pisikal na benepisyo habang pinapahusay ang kalidad ng hangin at binabawasan ang mga emisyon ng mga gas ng greenhouse.

Transportasyon ang nangungunang pinagmumulan ng pagpaparumi sa hangin at mga emisyon ng gas ng greenhouse sa Bay Area. Makakatulong sa rehiyon ang pag-carpool, pampublikong transportasyon, vanpool, pagbibisikleta, paglalakad, at teleworking para mabawasan ang pagpaparumi sa hangin na nauugnay sa transportasyon at bibigyang-daan nito ang mga empleyado na mabawi ang nauubos na oras sa pagmamaneho nang mag-isa.

Puwedeng mag-commit ang mga employer sa isang partnership sa pag-commute sa kanilang mga empleyado sa pamamagitan ng paglagda sa pangako ng [Flex Your Commute pledge](#), pagsang-ayong itaguyod ang isang partnership sa pag-commute sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga empleyado sa pag-carpool, paghikayat at pagbibigay ng insentiba sa pampublikong transportasyon, paggamit ng mga vanpool, pagbibisikleta, paglalakad, at pagpapatuloy sa flexibility sa pamamagitan ng telework.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)